Unang Edisyon

# iSangLahi 3

## Ang Mga Lalawigan sa Aking Rehiyon



Online Offline MATERIALS

DepED K·12 PROGRAM ALIGNED

Teachers Manual

# Yunit 1: Ang Mga Lalawigan sa Aking Rehiyon

## Aralin 1: Ang Simbolo sa Mapa

### MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

- Naipapaliwanag ang kahulugan ng mga simbolo na ginagamit sa mapa sa tulong ng panuntunan.

### PAUNLARANG GAWAIN

**Mga Paghahandang Gawain**

1. **Mga Karaniwang Gawain**
   - Panalangin at Pagcheck sa attendance.
2. **Pagsusuri/Balik-aral (mga mungkahi)**
   - Ipakilala ang sarili at kilalanin ang mga mag-aaral.
3. **Mga maaaring gamiting motibasyon (mga mungkahi)**
   - Magbigay ng mga halimbawa ng simbolo na makikita sa mapa.

**Presentasyon ng Aralin**

Talakayin ang aralin gamit ang mapagkukunang **iPresentation** na matatagpuan sa loob ng interactive na courseware upang mapadali ang pag-aaral sa **PAHINA 2-6**. Bigyan ang mga mag-aaral ng pagsasanay sa pagsasanay o mga katanungan.

### PAGBUBUOD

Pamunuan ang mga mag-aaral sa pagtukoy na:

- Ang mapa ay ang lapat at patag na larawan na nagpapakita ng mga daan, kalye, bundok, dagat, ilog, at iba pang anyong lupa at anyong tubig ng isang lugar.
- Ang simbolo ay ginagamit upang kumatawan sa mga anyong lupa, anyong tubig, at iba pang bagay na matatagpuan sa isang lugar.
- Kadalasan ang mga simbolong ginagamit sa mapa ay kasing hugis ng mga bagay na kinakatawan nito.
- Ang talaan ng sagisag o legend ay ipinapakita rin sa mapa upang maunawaan at malaman ang mga kahulugan ng mga simbolo sa mapa.
- Ang mga makabagong teknolohiya na naiimbento ng mga siyentipiko ay nagpapadali at nakatutulong sa mga pang araw-araw na gawain ng mga tao.
- Isa na rito ang paghahanap ng lokasyon ng isang lugar o pook. Gamit ang Internet, Google Maps Applications o Global Positioning System (GPS) ay maaaring matukoy ang kinaroroonan ng mga lugar sa isang click lamang.
- Ipinapakita rin nito ang mga tamang daan at direksiyon upang mahanap ang pinakamagandang ruta papunta sa lugar na nais puntahan. Sa ganitong paraan, siguradong hindi maliligaw ang isang manlalakbay at mas mabilis ding mararating ang mga lugar na nais patunguhan.

## IKA-UNANG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain A** ng interactive na courseware.


**Mga Sagot:**

1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. ✓

## IKALAWANG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain B** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**




## IKATLONG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain C** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

**Maaring magkakaiba ang mga sagot.*

## TAKDANG-ARALIN

Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na gawain bilang takdang-aralin:

1. Gumuhit ng mapa mula sa inyong bahay papunta sa paaralan. Ilagay ang mga simbolo na makikita sa mga daan na iyong dadaanan.